

Ang post-mortem examination ng iyong sanggol

Nakikiramay kami sa pagkamatay ng iyong sanggol.

Nabigyan ka ng papel impormasyong ito dahil pumayag ka sa isang post-mortem examination ng iyong sanggol. Ang eksaminasyon na ito ay makakatulong sa amin na malaman hangga't maaari kung bakit namatay ang iyong sanggol.

Tinalakay na ninyo kasama ang iyong healthcare team ang iyong mga opsyon para sa mga karagdagang imbestigasyon.

Dapat ay nabigyan ka na rin ng ibang nakasulat na impormasyon, kabilang ang Pagpapasya kung ang iyong sanggol ay dapat na magkaroon ng isang post-mortem examination (Deciding if your baby should have a post-mortem examination). Kung hindi, maaari kang humingi ng kopya nito. O maaari mong i-scan ang QR code sa dulo ng impormasyong ito upang basahin ito.

Ipinapaliwanag ng impormasyong ito kung ano ang susunod na mangyayari, saan magaganap ang eksaminasyon at kung sino ang kokontakin para sa karagdagang impormasyon.

Ano ang mangyayari pagkatapos kang sumang-ayon sa isang post-mortem?

Pagkatapos mong gumugol ng kaunting panahon kasama ang iyong sanggol, ipapaalam ng iyong healthcare team sa coordinator ng Victorian Perinatal Autopsy Service (VPAS) na handa na ang iyong sanggol para sa post-mortem examination. Ihahanda ng VPAS coordinator ang paglipat ng iyong sanggol sa espesyalistang lugar para sa eksaminasyon.

Maaari mong kontakin ang VPAS coordinator mula sa sandaling umalis ang iyong sanggol sa iyong pangangalaga. Nariyan sila upang sagutin ang iyong mga tanong at bibigyan ka ng impormasyon hangga't gusto mo. Makikita mo ang kanilang mga detalye sa dulo ng impormasyong ito.

Saan gaganapin ang post-mortem?

Ang post-mortem examination ng iyong sanggol ay gaganapin sa:

- The Royal Women's Hospital, Parkville (Royal Children's Hospital Pathology)
- Monash Health, Clayton (Monash Pathology)
- The Mercy Hospital for Women, Heidelberg (Austin Pathology)

Gaano katagal ang post-mortem?

Ang post-mortem examination ay sisimulan sa pamamagitan ng mga panlabas na pagsusuri kagaya ng mga x-ray o MRI. Ang mga pagsusuring ito ay gagawin sa lalong madaling panahon ngunit maaaring magtagal ito ng ilang araw, depende kung kailan maaaring gamitin ang mga serbisyong iyon. Pagkatapos ng mga pagsusuring ito, ang panloob na eksaminasyon, (operasyon) ay maaaring maganap. Ang panloob na eksaminasyon ay tatagal ng humigit-kumulang sa tatlong oras.

Naiintindihan namin na mahalaga para sa iyo na malaman kung gaano katagal na nasa pangangalaga namin ang iyong sanggol, dahil maaari itong makaapekto sa iyong mga plano para sa paglilibing ng iyong sanggol.

Kapag nasa espesyalistang lugar na ang iyong sanggol, maaaring mabigyan ka ng mas tumpak na oras kung kailan maibabalik ang iyong sanggol sa iyo.

Ano ang mangyayari pagkatapos ng post-mortem?

Kapag natapos na namin ang post-mortem, makikipagtulungan kami sa iyong funeral director upang ligtas at magalang na ilipat ang iyong sanggol mula sa aming pangangalaga papunta sa kanila.

Maaari mo bang makita ang iyong sanggol pagkatapos ng post-mortem?

Oo. Ang ilang mga magulang ay pipiliing gumugol ng oras kasama ang kanilang sanggol pagkatapos ng post-mortem examination, habang ang kanilang sanggol man ay nasa pangangalaga ng funeral director o, sa ilang mga kaso, ay nasa bahay.

Ito ay iyong personal na desisyon para sa iyong pamilya.

Kung ang iyong sanggol ay ginawan ng isang full (lubusan) o limited (limitadong) post-mortem, ang perinatal pathologist (doctor) ay gagawa ng mga operasyong pagbubukas (mga paghiwa) upang suriin ang kaniyang tisyu at mga organo. Pagkatapos ng eksaminasyon, maingat nilang isasara ang mga hiwang ito. Kapag nabihisan na ang iyong sanggol, hindi na makikita ang mga hiwa.

Kailan mo makukuha ang mga resulta ng post-mortem?

Pagkatapos ng post-mortem examination, ang perinatal pathologist ay magsusulat ng isang detalyadong ulat na nagpapaliwanag ng natuklasan niya. Ang ulat na ito ay karaniwang makukumpleto sa loob ng 10 hanggang 12 linggo, depende sa mga kinakailangang pagsusuri at kung gaano katagal makukuha ang mga resulta.

Ang ulat ay ipapadala sa doktor na nag-alaga sa iyo at sa iyong sanggol. Aayusin nila ang isang follow-up appointment para sa iyo upang talakayin kung ano ang natuklasan sa post-mortem examination ng iyong sanggol.

Suporta at impormasyon para sa paglulukxa

Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon at suporta, mangyaring makipag-usap sa iyong healthcare team.

Maaari mong i-scan ang mga QR code na ito para sa impormasyon tungkol sa:

Mga mapagkukunan para sa paglulukxa



Impormasyon ng VPAS para sa pamilya



Kontakin ang VPAS coordinator kung kailangan mo ng karagdagang mga detalye

T [1800 841 024](tel:1800841024)

E VPAC@thewomens.org.au

Mga oras

Lunes–Biyernes

9:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon.